

## ***Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 2 Ang Talinghaga ng mga Tupa at ng mga Kambing***

***“31 Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: 32 At utipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing; 33 At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing. 34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: 35 Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; 36 Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan. 37 Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauhaw, at pinainom ka? 38 At kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? 39 At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin? 40 At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa. 41 Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel: 42 Sapagka't ako'y nagutom, at hindi ninyo ako pinakain; ako'y nauhaw, at hindi ninyo ako pinainom; 43 Ako'y naging isang taga ibang bayan, at hindi ninyo ako pinatuloy; hubad, at hindi ninyo ako pinaramtan; maysakit at nasa bilangguan, at hindi ako dinalaw. 44 Kung magkagayo'y sila nama'y magsisisagot, na magsisipagsabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, o nauhaw, o isang taga ibang bayan, o hubad, o may-sakit, o nasa bilangguan, at hindi ka namin pinaglingkuran? 45 Kung magkagayo'y sila'y sasagutin niya, na sasabihin, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na yamang hindi ninyo ginawa sa maliliit na ito, ay hindi ninyo ginawa sa akin. 46 At ang mga ito'y mangapaparoon sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa't ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay.” (Mateo 25:31-46 KJV)***

Sa talinhagang ito sa **Mateo 25** na ibinahagi ng Panginoong JesuCristo sa Kanyang mga alagad ay sinalita ang tungkol sa Kanyang pagparito at kung paano Niya hahatulan ang mga bansa ayon sa kanilang ginawa, ayon sa kanilang asal at kanilang paninindigan sa Kanyang Salita, mga alintuntunin at utos.

Ang talinhagang ito ay isang tunay na pangyayari na magaganap sa pagbabalik ni Cristo sa lupa at kung paano Niya hahatulan ang mga bansa. Sapagkat kapag Siya ay bumalik Siya ay uupo sa Kanyang luklukan, ***“31 Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian:” (Mateo 25:31 KJV)*** Ang paghatol na ito sa mga bansa pagkatapos ng pagparito ni Cristo ay magaganap sa panahon ng Millenium sa pamamagitan nito ay mabubuhay at maghahari si Cristo sa lupa isang libong taon at tayo ay makakasama Niya upang hatulan ang mga bansa. Ang paghatol na ito sa mga bansa ay kakaiba mula sa malaking luklukang maputing ng paghatol ng Dios na magaganap pagkatapos ng katapusan ng libong mg taon ng panahon ng Mileny, at pagkatapos ng labanan ng Armagedon, at pagkatapos itapon si Satanas sa dagat dagatang apoy, kung saan ang masama ay hahatulan ng Dios at itatapon sa dagat dagatang apoy, ***“11 At nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon, na sa kaniyang harapan, ang lupa at ang langit ay tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. 12 At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. 13 At ibinigay ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila: at sila'y hinatulan bawa't tao ayon sa kanikaniyang mga gawa. 14 At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. 15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy.” (Pahayag 20:11-15 KJV)*** Gayundin ang paghatol na ito sa mga bansa ay kakaiba mula sa luklukan ng paghatol ni Cristo sa kung saan hahatulan ni Cristo ang mga mananampalataya at kabilang tayo doon pagkatapos ng rapture ng simbahan, sa kung saan gagantimpalaan Niya tayo ayon sa ating ginawa gaya ng sinabi ni Pablo ang tungkol doon, ***“9 Kaya't ang amin namang pinagsisikapan, maging sa tahanan man o di man, ay maging kalugodlugod kami sa kaniya. 10 Sapagka't tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Cristo; upang tumanggap ang bawa't isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan, ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama.” (2 Corinto 5:9-10 KJV)***

Ang paghatol sa mga bansa ay magaganap pagkatapos ng pagparito ni Cristo kasama ng mga banal na anghel gaya ng mababasa natin dito **Mateo 25:31 *“na kasama niya ang lahat ng mga anghel”***, upang makita ang pagkakaiba ng mga anghel na mga banal na iyon sa ibang grupo ng masasamang anghel, ang diablo at ang kanyang mga anghel na mababasa natin sa **Mateo 25:41 *“Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel:”*** Ang walang hanggang apoy ay inihanda para sa diablo at sa kanyang mga anghel ngunit kung magpapakita ka ng kawalang malasakit sa mga gawa ng Dios at sa mga naglilingkod sa Dios na Kanyang isusugo sa iyo, kung gayon iyon ang magdadala sa iyo sa paghatol.

Ang paghatol sa mga bansa sa panahon ng Milenyo ay magaganap sa Libis ng Josaphat gaya ng mababasa natin sa aklat ng **Joel *“2 Aking pipisanin ang lahat na bansa, at aking ibababa sila sa libis ni Josaphat; at ako'y makikipagtaggong sa kanila roon dahil sa aking bayan at dahil sa aking manang Israel, na kanilang pinangalat sa mga bansa, at binahagi ang aking lupain, 12 Magpakasigla ang mga bansa, at magsisampa sa libis ni Josaphat; sapagka't doo'y uupo ako upang hatulan ang lahat na bansa sa palibot. 13 Gamitin ninyo ang karit; sapagka't ang aanihin ay hinog na: kayo'y magsiparito, at magsiyapak; sapagka't ang alilisan ng alak ay***

**puno, ang kamalig ng alak ay inaapawan; sapagka't ang kanilang kasamaan ay malaki.” (Joel 3:2, 12-14)** Pati na rin mababasa natin ang tungkol sa paghatol na ito sa mga bansa sa aklat ng Daniel, **“13 Ako'y nakakita sa pangitain sa gabi, at, narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang isang gaya ng anak ng tao, at siya'y naparoon sa matanda sa mga araw, at inilapit nila siya sa harap niya. 14 At binigyan siya ng kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian, upang lahat ng mga bayan, bansa, at mga wika ay mangaglingkod sa kaniya: ang kaniyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, na hindi lilipas, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba. 14 Mga karamihan, mga karamihan sa libis ng pasiya! sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay malapit na sa libis ng pasiya.” (Daniel 7:13-14 KJV)** Ang paghatol ni Cristo sa mga bansa ay ibabatay sa kung paano nila tinatrato ang Kanyang mga kapatid mula sa mga Judio at sa iba pang mga mananampalataya na muling bubuhayin sa panahon ng kapighatian at magsisimulang ipangaral ang evangelio ni Jesus sa mga naiwan. Ang mga kapatid na iyon ni Jesus ay tumangging itakwil si Cristo sa kabila ng matinding pag uusig at ang kanilang pagdurusa sa panahon ng kapighatian.

**“32 At tiipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing;” (Mateo 25:32 KJV)** ang mga bansa kapag tinipon sa harapan ng luklukan ni Cristo sa panahon ng kapighatian ay paghihiwalayin ang mga ito mula sa isa't isa gaya ng pastor na ibinukod ang kanyang mga tupa mula sa mga kambing. Ang mga tupa ay ang mga malinaw na namuhay sa isang MakaDios na buhay sa pamamagitan ng kanilang malasakit at pagibig sa mga nabibilang kay Cristo at ang mga ipinadala Niya sa kanila. Ngunit ang mga kambing ay yaong mga walang ganoon, na hindi nagsisi ni tumugon ni nakikipagtulungan sa mga isinugo ni Cristo na ipinangaral sa kanila ang evangelio at ang Salita ng Dios, ni tinulungan sila, ni tinulungan sila sa kanilang mga problema at mahihirap na panahon.

**“33 At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing.” (Mateo 25:33 KJV)** Ilalagay ni Cristo ang mga tupa mula sa mga bansa sa Kanyang kanang kamay na nangangahulugang sila ay Kanyang tinatanggap batay sa kanilang mabuting pag uugali at pagkilos sa mga isinugo ni Cristo sa kanila. Habang ang mga kambing ay ilalagay Niya sila sa Kanyang kaliwang kamay na nangangahulugang sila ay itinakwil tulad ng pagtangi nila sa mga isinugo Niya sa kanila at hindi nakipagtulungan sa kanila ni tumulong man sa kanila sa panahon ng kanilang mga problema at sa kanilang mga pangangailangan.

**“34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan:” (Mateo 25:34 KJV)** Narito si Cristo ang Hari ay sasabihin sa mga nasa Kanyang kanang kamay, mga tupa, hihilingin sa kanila na lumapit, tinatawag silang pinagpala ng Dios Ama upang manahin ang kaharian ng lupa na maghari kasama Niya at ng Kanyang mga kapatid sa panahon ng Milenyong paghahari ni Cristo, ang isang libong taon, ang kaharian na inihanda ng Dios mula sa pagtatag ng sanglibutan, dahil pinakain nila Siya nang Siya ay nagutom at binigyan Siya ng inumin nang Siya ay nauhaw, pinatuloy nila Siya nang Siya ay dayuhan, dinamitan nila Siya nang Siya ay hubad, binisita nila Siya nang Siya ay may sakit, at dinalaw nila Siya nang Siya ay nasa bilangguan, **“35 Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; 36 Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan.” (Mateo 25:36-37 KJV)** \* Ang kanilang mabubuting gawa ay pinatunayan ng kanilang pagsisisi na nasa loob nila gaya ng malinis na mga tupa ni Cristo. Ang kanilang mabubuting gawa ay nakita kung ano ang nasa kanilang mga puso. \* Kaya kailangan nating maging masigasig upang abutin ang gayong uri ng mga tao at kulang sa mga pangunahing pangangailangan sa buhay; yaong mga nagutom at nauhaw at kailangan natin silang bigyan ng pagkain at inumin. Yaong mga hubad kailangan natin silang bigyan ng damit. Yaong mga dayuhan kailangan natin silang patuluyin. Ang mga may sakit kailangan nating bisitahin sila, at ang mga nakabilanggo kailangan nating dalawin sila. Dahil ang mga nasa gayong kalunos lunos na kalagayan maaari silang magsisi at maging tupa ni Jesus at kailangan nating puntahan sila at tulungan sila sa kanilang mga pagsubok at ibigay sa kanila ang pagibig ng Dios at ang evangelio ni Jesus, sapagkat kung sila ay tunay na magsisisi matatanggap nila ang pagibig ng Dios sa pamamagitan natin at maliligtas sa dugo ni Jesus at magiging bahagi ng Kaharian ng Dios. \* Kaya nga rin iminungkahi sa atin ni Jesus na ipakita ang pagibig at malasakit sa gayong mga tao, na kapag tayo'y nagpapiging, huwag natin dapat anyayahan ang ating mayayamang kapitbahay, mga kaibigan, o kamag anak na magbabalik ng gantimpala sa atin at ituring tayong ganon, kundi pumunta sa mga nasa hangganan ng lipunan, ang mga mahihirap, ang mga pilay, pingkaw at bulag, na mahirap ang buhay, at walang magmamalasakit sa kanila, **“12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantiin ka. 13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantiin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap.” (Lucas 14:12-14 KJV)** Kailangan nating pumunta sa mahihirap, sa mga pilay, pingkaw, at sa mga bulag, na walang anuman at kailangan nating alagaan sila. Kaya ang ating saloobin bilang tupa ay makikita kung alam natin kung paanong magmalasakit at dalhin ang pagibig ng Dios sa tamang panahon sa mga nangangailangan ng gayon.

**“37 Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauhaw, at pinainom ka? 38 At kailan ka naming nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? 39 At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka naming?” (Mateo 25:37-39 KJV)** Dito ang mga tupa ay tinawag na matuwid, **“Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid.”**, na ibig sabihin ipinanganak na silang muli at naging matuwid sa pamamagitan ng dugo ni Jesus dahil walang matuwid sa kanyang sarili, **“10 Gaya ng nasusulat, Walang matuwid, wala, wala kahit isa;” (Roma 3:10 KJV)** Dito ang matuwid sinasabi nila kay Cristo na hindi nila naalala na nakita nila siya na nagutom at pinakain Siya, nauhaw at binigyan Siya ng inumin, o hubad at dinamitan Siya, o isang taga ibang lupa at pinatuloy Siya o may sakit at binisita Siya, o sa bilangguan at dinalaw Siya. Hindi maalala ng mga tupa na may ginawa silang anumang paglilingkod kay Cristo, dahil si Cristo ay wala sa lupa. Kaya naman kinailangan ng Panginoon na ipaliwanag sa kanila, **“40 At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinaka maliit**

**na ito, ay sa akin ninyo ginawa.” (Mateo 25:40 KJV)** Na anuman ang kanilang ginawa sa isa sa Kanyang mga kapatid, sa mga naglilingkod sa Kanya, sa mga ipinadala Niya sa kanila at tumugon sa kanilang mensahe, tinulungan sila sa kanilang pangangailangan at sinuportahan sila sa kanilang mga kaguluhan at pag uusig kung gayon ginawa nila iyon kay Cristo. Pati na rin kapag sila ay magbibigay ng isang tasa ng tubig sa isa sa mga ipinakilala na ito ng Kanyang mga disipulo ay ginawa nila ito kay Cristo at tatanggapin nila ang gantimpala mula sa Kanya. **“41 Sapagka't ang sinomang magpainom sa inyo ng isang sarong tubig, dahil sa kayo'y kay Cristo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi mawawala sa anomang paraan ang ganti sa kaniya.” (Marcos 9:41 KJV)** **Mas mainam pa sa isang tasa ng tubig ang isang tasa ng malamig na tubig dahil mahalaga rin ang kalidad ng serbisyo, “42 Sapagka't ako'y nagutom, at hindi ninyo ako pinakain; ako'y nauhaw, at hindi ninyo ako pinainom;” (Mateo 25:42 KJV)** Ang paggawa rin ng masama sa sinuman sa mga kapatid ni Jesus ay ang paggawa ng masama kay Cristo, kaya nga tinanong ni Cristo si Saulo nang magpakita Siya sa kanya, kung bakit niya Siya inuusig dahil inuusig ni Saulo ang mga mananampalataya, ang mga disipulo ni Jesus sa paghila sa kanila sa mga bilangguan, **“4 At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kaniya'y nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig? 5 At sinabi niya, Sino ka бага, Panginoon? At sinabi niya, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig.” (Mga Gawa 9:4-5 KJV)**

**Ang mga tupa sa kanila ay gawin ang paglilingkod at magmalasakit at tugunan ang mga nangangailangan ay isang bagay na karaniwan sa kanila na gawin at hindi itinuturing ang kanilang sarili na may nagawang isang bagay na mahalaga gaya ng iniutos ni Jesus sa atin, “10 Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin.” (Lucas 17:10 KJV)** Ang mga tupa ni Jesus ay naroon upang magbigay at umalalay, Sila'y may natanggap mula kay Cristo at sila'y nagagalak na ibalik. Sila'y tapat sa Dios at sa Kanyang simbahan, handa silang tumulong sa panahon ng kahirapan at kagipitan. Kaya maging handa at mamuhay bilang tupa patungo sa Kanyang simbahan at sa mga ipinadala ng Dios sa iyo. Sila'y mga lingkod ng Dios at kailangan mong makipagtulungan sa kanila at tulungan sila sa kanilang mga kaguluhan at pag uusig sapagkat sila'y nagdurusa para kay Cristo sa pangangaral ng evan gelio sa naliligaw.

Si Cristo matapos Niyang ibigay ang Kanyang gantimpala sa mga tupa, sinimulan Niyang hatulan ang mga kambing sa lahat ng mga bansa; ang nasa Kanyang kaliwang bahagi na Kanyang itinakwil, dahil itinakwil nila ang Kanyang mga kapatid na ipinadala upang ipangaral ang evangelio sa kanila sa panahon ng kapighatian pagkatapos ng rapture ng simbahan, Sila'y hindi tumugon sa kanila, kundi sa halip ay hinamak sila, ni nanindigan kasama nila nang sila ay nasa mga problema dahil sa kanilang pangangaral ng evangelio, ni tinulungan sila sa kanilang mga pangangailangan at kahinaan. Dito ay sasabihin ni Cristo na lumayo sila sa Kanya dahil sila ay isinumpa sa walang hanggang apoy sa pagkukulang sa Kanya at sa hindi paggawa ng Kanyang mga inaasahan mula sa kanila. **“41 Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel:” (Mateo 25:41 KJV)** Ang paghatol ng Dios na ito sa kanila ay ayon sa kanilang panlalaming at kakaibang asal patungo sa Kanyang mga lingkod at sa kanilang walang pananampalataya sa kanilang mensahe na dinadala nila sa sanglibutan. Ang gayong pagtatakwil ay magiging huling paghatol ni Cristo sa kanila para sa susunod na pataw gaya ng ipinahayag Niya sa kanila, **“42 Sapagka't ako'y nagutom, at hindi ninyo ako pinakain; ako'y nauhaw, at hindi ninyo ako pinainom; 43 Ako'y naging isang taga ibang bayan, at hindi ninyo ako pinatuloy; hubad, at hindi ninyo ako pinaramtan; maysakit at nasa bilangguan, at hindi ako dinalaw.” (Mateo 25:42-43 KJV)** Walang kaugnayan sa mga pangunahing depekto sa moralidad ng mga kambing tulad ng imoralidad, pagnanakaw, o pagpatay, kundi ang kanilang kawalang-malasakit kay Cristo. Ipinakita nila na wala silang pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang mensahe sa pamamagitan ng kanilang walang pakialam at kawalang malasakit sa mga nagdurusa at kasakitan na mga kinatawan ni Cristo. Samakatuwid Siya ang magpapasya sa kanilang kapalaran at pagkawasak.

**“44 Kung magkagayo'y sila nama'y magsisisagot, na magsisipagsabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, o nauhaw, o isang taga ibang bayan, o hubad, o may-sakit, o nasa bilangguan, at hindi ka namin pinaglingkuran?” (Mateo 25:44)** Ang mga itinakwil na mga kambing ay nagtanong sa Kanya kung kailan nila ginawa iyon, dahil hindi nila alam na hindi nila pinarangalan si Cristo sa pamamagitan ng hindi paggalang sa mga isinugo sa kanila upang magsisi. **Sapagkat ang mga kambing ay normal na hindi magbigay ng kamay ni tumulong, ni magbalik, ni magdusa, ni pag usigin para sa mga naninindigan para sa katotohanan ng Dios. Ang mga kambing ay hindi tapat sa Dios at sa Kanyang simbahan.** Kung gayon sinabi ni Cristo sa kanila, **“45 Kung magkagayo'y sila'y sasagutin niya, na sasabihin, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na yamang hindi ninyo ginawa sa maliliit na ito, ay hindi ninyo ginawa sa akin.” (Mateo 25:45 KJV)** Ang mga kambing ay handang tumanggap ngunit hindi sila handang magbigay. Sila'y handang matulungan at alalayan ng mga umaabot sa kanila kapag sila'y nahulog sa mga kaguluhan. Ang mga kambing hangga't ang mga bagay ay maayos sila'y mabuti, ngunit kapag ang kanilang pangako ay tinanong kung gayon hindi mo sila makita, Ang kambing umiiwas sa mga panganib, ngunit sa sandaling may panganib at peligro at paghihirap kung gayon ay hindi mo na makita ang mga ito. Ang kanilang kabiguan na magpakita ng habag sa mga mahihirap na tao na nahihirapan para sa paglilingkod ni Cristo kung gayon iyon ay ang kanilang kabiguan na maglilingkod kay Cristo.

**Sa aking mahal at minamahal:** Ang paghatol ay parating na at magsisimula sa bahay ng Dios, at kaya kailangan nating maghanda para sa Kanyang pagparito: **“46 At ang mga ito'y mangapaparoon sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa't ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay.” (Mateo 25:46 KJV)** Ang mga kambing ay pupunta sa kawalang hanggang kaparusahan ngunit ang matuwid na mga tupa ay sa walang hanggang buhay. Kumuha ng salamin ngayon, at tingnan ang iyong sarili sa Salita ng Dios na ipinahayag; ikaw ba ay tupa o ikaw ba ay kambing? Si Cristo ay malapit nang dumating at ang paghatol ay malapit na.

- Hindi ka maaaring walang pag iingat sa ikalawang pagparito ni Cristo at sa Kanyang pagbabalik.
- Hindi ka maaaring walang pag iingat ang Banal na Espiritu na nangako sa atin tungkol sa pangalawang pagparito ni Cristo at sa Kanyang pagbabalik.
- Hindi ka maaaring walang pag iingat tungkol sa iyong mga mapagkukunan na kailangan mong maging mabuting katiwala upang gamitin ang mga ito para sa kaluwalhatian ni Cristo.

- Hindi ka maaaring walang pag iingat tungkol sa mga nangangailangan sa mga nakapalibot sa iyo, na kailangan mong puntahan sila,
- Hindi ka maaaring walang pag iingat tungkol sa mga naliligaw na kaluluwa na hahatulan nang hindi mo pinuntahan at ipinaparangal si Cristo sa kanila.

Lumapit ngayon sa Dios, magsisi mula sa iyong mga kasalanan at sa iyong masamang asal ng mga kambing, sa pagiging walang ingat, makasarili, hindi handang magbigay, hindi handang maging tapat, hindi handang maging mabuting tagapamahala sa kung anong mayroon ka, at hindi handang magdusa at usigin para kay Cristo. Lumapit ngayon sa Dios, magsisi mula sa lahat ng iyong mga kasalanan at maling gawain at ipangako ang iyong sarili na maglingkod sa Dios at maging mabuti at tapat sa ipinagkatiwala Niya sa iyo sa pagiging mabuting katiwala sa iyong mapagkukunan pamahalaan ang mga ito ayon sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban.

### Tayo ay manalangin....

**Ang aking Panalangin:** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walng hanggang buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid, sa mga pagsaway at pagpapayo na aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon salamat para sa lahat ng mabubuting bagay na Aking tinanggap mula sa iyo. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang kapintasang nasa loob ko, at salamat para sa bagong pagkakataon na ibinigay mo sa akin ngayon upang magsisi.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat ay talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan at ipangako ang iyong sarili na maglingkod sa Kanta at gawin ang iyong natutunan sa mensaheng ito. Ipagtapat at talikdan ang pagiging makasarili, hindi tapat, hindi handang magbigay, hindi handang magbalik, hindi handang magdusa para sa katotohanan, hindi handang manindigan sa Dios at sa mga ginagamt ng Dios upang abutin ka. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan sa mabubuting gawa na inihanda ng Dios para gawin mo. Ipagtapat at talikdan ang iyong pang aabuso sa biyaya ng Dios, pananamantala sa iba, at ang iyong kawalan ng malasakit sa iba lalo na sa mga naglilingkod kay Cristo. Ipagtapat at talikdan na ang paggawa mo ng iyong sariling kalooban at plano at hindi ng kalooban ng Dios at ng Kanyang plano sa iyong buhay. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalang katapatan, walanga pagpapasalamat, pagreklamo at pagbubulong bulong. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay panalangin. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya, sa mga kaibigan at sa pagkaalipin sa Media, Balita, at laro. Ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga pakikipagkompromiso at kasamaan. Ipagtapat at talikdan a ng iyong masamang pangangasiwa, pagsasayang ng iyong mapagkukunan, kakulangang mag ikapu at pagbibigay sa Dios, ang iyong katamaran, ang iyong pagkakampante, iyong masamang halimbawa at ang iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin ako, Ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan \_\_\_\_\_.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mensahe na tinanggap ko ngayon at baguhin ang aking masamang pag uugali. Panginoon handa akong yumaon at gawin ang iyong mga gawa at kalooban at maninidigan kasama ng iyong mga kapatid na isinugo mo sa akin upang bumalik at maglingkod sa iyo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumugon sa kanilang mensahe at tulungan sila at manindigan kasama nila sa kanilang pagdurusa para sa iyong ngalan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magbigay at hu wag magsamantala. Panginoon ipinangako koa ng aking sarili na maglingkod at magduda para sa iyong ngalan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na yumaon at mag evangelio at abutin ang naliligaw, at tulungan ang mga nasa kaguluhan sa anumang paraang makakaya ko at tulungan sila tuwing hinihingi iyon sa akin, at ipangaral ang inyong evangelio at ang iyong Salita sa kanila. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa iyong kalooban at sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na maging isang mabunga at produktibong tao sa iyong Kaharian. Itaguyod mo ako sa pamamagitan ng iyong biyaya at maglaan para sa akin upang patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kaapatid na Lalake at Babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay ayon sa aral na kanilang tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon patuloy nam pagpalain ang iyong mga tupa at gantimpalaan sila, at patuloy na ituwid at sawayin ang mga kambing para magsisi. Panginoon dalangin ko para sa mga tupa puspusin sila ng Banal na Espiritu at gamitin sila upang abuti ang naliligaw at maglingkod sa iyo kasama namin. Panginoon protektaha sila, maglaan para sa kanila, bigyan sila ng mabuting kalusugan at kalakasan upang matupad ang kanilang ministerio at ang mga takdang gawain na nais mong gawin nila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan. Narito kami Panginoon handang yumaon at pumunta sa mga lugar na nais mong puntahan namin at gawin ang mg agawa na nais mong gawin namin. Panginoon kami'y nagtitiwala sa iyo na pagiging dapatin mong managumpay kami sa lahat ng mga balakid at ilalaan mo sa amin ang lahat ng aming kailangan. Panginoon ipinangako namin an gaming sarili na patuloy na abutin ang mga dukha, ang mga may sakit, ang nagugutom, ang mga nauuhaw, ang mga dayuhan at ang mga nasa bilangguan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob sa gayo'y pa tuloy ka naming paglingkuran. Panginoon dalangin ko na mas marami pang pag eevangelio, mas maraming pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan na maitanim at mas maraming manggagawa ang sanayin. Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain, sumamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y di namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangala ni Jesus Ame n.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 2. Ang Talinghaga Tungkol sa mga Tupa at mga Kambing. Mateo 25:31-46. Pahayag 20:11-15. II Corinto 5:9-10. Joel 3:2, 12-14. Daniel 7:13-14. Lucas 14:12-14. Mga Taga Roma 3:10. Marcos 9:41. Mateo 10:42. Mga Gawa 9:4-5. Lucas 17:10.

Dr. Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: thebread1@gmail.com  
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:  
First Abu Dhabi Bank (FAB)  
ACCOUNT NAME:  
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF  
ACCOUNT NO:  
1576003753162014  
IBAN:  
AE3803151576003753162014  
SWIFT CODE:  
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:  
00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)